Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagpili ng tamang pandiwa

Panuto: Bilugan ang titik ng pandiwa na bubuo sa pangungusap.

1. _____ ng punong-guro kahapon na magkakaroon ng mga tradisyunal na larong Filipino sa *Intramurals*.
   a. Sinabi b. Sinasabi c. Sasabihin

2. Itinakda na ang *Intramurals* ay _____ sa huling linggo ng Setyembre sa loob ng tatlong araw.
   a. ginanap b. ginaganap c. gaganapin

3. Bukas ay _____ ng liham ang mga guro sa mga magulang upang anyayahan silang dumalo sa *Intramurals*.
   a. nagbigay b. nagbibigay c. magbibigay

4. Nakasaad din sa liham na ito na _____ ng tulong ang paaralan mula sa mga magulang sa paghahanda para sa sinabing aktibidad.
   a. humingi b. humihingi c. hihingi

5. Pinag-usapan namin na _____ kami sa mga larong Filipino sa *Intramurals*.
   a. sumali b. sumasali c. sasali

6. Kami ni Dennis ay _____ mamaya para tumulong sa paghanda ng mga kailangan para sa mga larong Filipino.
   a. nagboluntaryo b. nagboboluntaryo c. magboboluntaryo

7. _____ na ngayon ang aking mga kaibigan para sa larong Patintero.
   a. Nagpalista b. Nagpapalista c. Magpapalista

8. Sasali si Mike sa larong Palo Sebo dahil _____ na raw siya ng kawayan dati.
   a. umakyat b. umaakyat c. aakyat

9. _____ daw ni Christian ang larong Palo Sebo sa darating na *Intramurals*.
   a. Sinubukan b. Sinusubukan c. Susubukan

10. Noong Miyerkules, agad na _____ ng mga mag-aaral ang mga patakaran ng iba't-ibang larong Filipino.
    a. natutuhan b. natututuhan c. matututuhan

11. Tuwing hapon, masiglang _____ ang mga mag-aaral para sa kanilang sinalihang larong Filipino.
    a. nag-ensayo b. nag-eensayo c. mag-eensayo

12. Ang mga bata sa una at ikalawang baitang ay tuwang-tuwa habang sila ay _____ ng Luksong Tinik at Luksong Baka.
    a. naglaro b. naglalaro c. maglalaro

13. Apat na araw na lang bago mag-*Intramurals*. Ano ang kulay ng damit na _____ ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang?
    a. sinuot b. sinusuot c. susuutin

14. Tapos na ang paghahanda para sa larong Patintero. Ang mga mag-aaral ay _____ ng dilaw na *tape* sa sahig ng himnasyo para sa mga linyang gagamitin sa Patintero.
    a. naglagay b. naglalagay c. maglalagay

15. _____ na namin kanina ng kaunting grasa ang mga kawayan na gagamitin sa Palo Sebo.
    a. Nilagyan b. Nilalagyan c. Lalagyan

16. Naghanda ng iba't-ibang papremyo ang Parent-Teacher Association. Siguradong _____ ang mga mag-aaral na mananalo sa mga laro.
    a. natuwa b. natutuwa c. matutuwa

17. Hayun sina Tatay ay Nanay! _____ sila sa atin!
    a. Kumaway b. Kumakaway c. Kakaway

18. Huwag muna kayong umuwi dahil sa dulo ng programa ay may sorpresang _____ ang mga mag-aaral para sa mga magulang!
    a. inihandog b. inihahandog c. ihahandog

19. Hayun si Beth! Siya ang batang _____ sa harap ng pila sa kanan. Kunan mo na siya ng larawan!
    a. sumayaw b. sumasayaw c. sasayaw

20. Matagumpay at napakasaya ng huling araw ng *Intramurals* dahil maraming mga magulang ang _____.
    a. dumalo b. dumadalo c. dadalo